ANG Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo XLVII Blg.7
Abril 7, 2016
www.philippinerevolution.net

## Papanagutin si Aquino sa masaker sa Kidapawan

MARIING KINUKUNDENA ng Partido Komunista ng Pilipinas ang rehimeng US-Aquino sa marahas na pagbuwag ng mga armadong galamay nito sa barikada ng 6,000 magsasaka na nagresulta sa masaker sa North Cotabato noong Abril 1.

Namatay sa pamamaril sina Rotello Daelto ng Arakan Peasant Progressive Organization, Victor Lumandang ng Apo Sandawa Lumadnong Paghiusa (SLP) at Enrico Pabrica ng Kidapawan City. Dibababa sa 140 ang sugatan sa baril at bugbog. Mahigit 100 ang inaresto at karamihan sa kanila ay kinasuhan.

Tatlong araw na ang barikada sa haywey ng Davao-North Cotabato malapit sa bodega ng National Food Authority sa Kidapawan City nang buwagin ito ng mga pulis. Isa sa hinihiling ng mga nagbarikada ang paglalabas sa 15,000 sakong bigas na subsidyong pagkain.

Nagmula ang mga magsasaka sa mga bayan ng Matalam, Kabacan, Makilala, M'lang, Tulunan, Magpet, Roxas, Antipas, Arakan at Kidapawan City, mga lugar sa North Cotabato na tinamaan ng matinding tagtuyot dulot ng penomenong El Niño.

Pitong buwan nang apektado ng tagtuyot ang 237,000 ektaryang sakahan ng mga magsasaka. Ayon mismo sa lokal na gubyerno, tinatayang pinsala sa produksyon na 358,800 metriko tonelada ng

*"Papanagutin...," sundan sa pahina 3*

Editoryal

# Magkaisa at makibaka para sa pambansang minimum na sahod

Matapos ang halos apat na dekadang pananalanta ng mga patakarang neoliberal, isang pangkasaysayang hamon sa uring manggagawang Pilipino ang pagsusulong ng pakikibaka para ibalik ang pambansang minimum na sahod at para sa makabuluhang pagtataas ng arawang sahod. Ang nalalapit na paggunita sa Pandaigdigang Araw ng mga Manggagawa sa Mayo 1 ay mainam na pagkakataon upang itanghal ang pakikibakang ito at pagkaisahin ang malawak na hanay ng mga manggagawa, mala-proletaryo, karaniwang kawani at manggagawa sa agrikultura.

Lubos na sinusuportahan ng PKP ang pakikibakang ito ng masang manggagawa at sambayanang Pilipino. Binabati ng PKP ang pagsisikap ng pambansa-demokratikong mga organisasyon at sentrong manggagawa na buuin sa likod nito ang malawak na pagkakaisa at lakas ng masang anakpawis at buong sambayanan.

Ang panawagan para sa pambansang minimum ay nagbubuklod sa mga manggagawang Pilipino sa buong bansa. Kinokontra nito ang layunin ng reaksyunaryong estado na pagwatak-watakin ang hanay ng mga manggagawa. Gayong disorganisasyon ang idinulot ng pangunahing mga atakeng neoliberal laban sa uring manggagawa tulad ng batas sa *regionalization* ng sahod, ang tinaguriang "two-tier wage system" (dalawang andana), kontraktwalisasyon at iba't ibang anyo ng pleksibilisasyon.




Ang pakikibaka para sa pambansang minimum na sahod ay malaking bahagi ng pakikibaka para paatrasin ang kaayusang neoliberal na walang-habas na sumalanta sa uring manggagawang Pilipino sa nagdaang tatlong dekada. Sa panahong ito, sa utos ng IMF, binaklas ng sunud-sunod na mga reaksyunaryong rehimen ang mga batas

na dati'y nagtatakda ng mga pamantayang nangangalaga sa kapakanan ng masang manggagawa, mula sa minimum na sahod hanggang sa mga regulasyong pangkalusugan at pangkaligtasan.

Ang dating sistema na itinatakda ng kongreso ang pambansang minimum na sahod ay pinalitan noong 1989 ng Wage Regionalization Act na isinabatas sa utos ng IMF-WB. Binuo nito ang mga Regional Tripartite Wage and Productivity Board na kontrolado ng sabwatan ng reaksyunaryong gubyerno at malalaking kapitalista ang binigyan ng kapangyarihan na magtakda ng minimum na sahod sa saklaw nitong rehiyon. Ang katwiran sa pagtatakda ng minimum na sahod sa antas rehiyon ay ang gawa-gawang dahilan na magkakaiba ang gastos sa pamumuhay sa iba't ibang rehiyon.

Ang pinakalayunin ng pagtatakda ng sahod sa antas-rehiyon ay ang ipako at lalo pang ibaba ang sahod ng mga manggagawa. Alinsunod sa neoliberal na patakarang deregulasyon, binaklas ang pagtatakda ng estado sa pambansang minimum na sahod upang hati-hatiin ang hanay ng mga manggagawa, alisan sila ng lakas sa paggigiit ng mas malaking sahod at pangunahan ang kanilang pakikibaka para dito. Ang mga dilawang unyon ay lumahok sa prosesong ito para lumikha ng ilusyon at paasahin ang mga manggagawa.

Lalo pang pinasahol ang kalagayan ng mababang pasahod ng mga manggagawa sa pagpapatupad ng rehimeng Aquino ng tinaguriang *two-tier* na sistemang pasahod, o pagkakaroon ng "floor wage" (na arbitraryong itinatakda sa batayan umano ng gastos sa isang lugar) at "productivity wage" o dagdag na sahod kung ikinalugod ng kapitalista ang trabaho ng isang manggagawa. Binabaklas o binabalewala ng sistemang ito maging ang *regionalization* dahil itinatakda nito ang sahod sa mas mababa pang antas.

Mas masahol pa ang "individual bargaining" o pakikipagtawaran sa paisa-isang manggagawa, isang sistema na itinutulak at binibigyang-matwid ng malalaking kapitalista. Kung bigyang-daan ang sistemang ito, lalong masasamantala ng mga kapitalista ang milyun-milyong manggagawang tatanggap ng inaalok na napakababang sahod magkaroon lamang ng trabaho.

Mula nang ipatupad ang *regionalization* at iba pang anti-manggagawang iskema, halos nakapako na sa kasalukuyan nitong mababang antas ang sahod ng mga manggagawa. Karaniwang barya-barya lamang ang ibinibigay na dagdag sa alawans (COLA o *cost of living allowance)* at iba pang di-perang insentiba kahit pa tauntaon ay sumisirit ang araw-araw na gastusin. Pirmeng hinahadlangan ng reaksyunaryong estado ang makabuluhang pagtataas ng sahod sa katwirang itataas nito ang mga presyo ng pangunahing bilihin, magdudulot ng malawakang disempleyo at itataboy ang mga dayuhang mamumuhunan.

Sa sektor ng manupaktura, lumiit pa ang tunay na halaga ng sahod. Noong 2010-2015, ang arawang gastos sa pamumuhay ay tumaas nang P129 samantalang ang sahod ay tumaas lamang nang P77. Lubhang kulang ang tinatanggap na sahod at hindi na makaagapay sa pagsirit ng presyo ng pang-araw-araw na gastusin ng mga manggagawa. Ang nakatakdang minimum ay wala pa sa kalahati ng tinatayang mahigit isanlibong pisong karaniwang gastusin sa araw-araw.

Ang mga ahensya ng reaksyunaryong gubyerno na mismo ang nagsabi na mahigit isanlibo na ang iba't ibang antas ng sahod. Ilang ulit nitong idinidiin ang kawalan ng minimum na sahod sa anumang antas na nagbubukas sa mga manggagawa sa todong pagsasamantala ng mga kapitalista.

Kailangang-kailangan nang kumilos ang mga manggagawang Pilipino, kaisa ng buong sambayanan, para labanan at patumbalikin ang mga patakarang neoliberal na humihila sa kanilang sahod at pumipiga sa kanilang lakas-paggawa sa pamamagitan ng iba't ibang anyo


ANG Bayan

Tomo XLVII Blg. 7 | Abril 07, 2016

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Hiligaynon, Waray at Ingles. Maaari itong i-*download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa *www.philippinerevolution.net*

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa: *cppinformationbureau@gmail.com*


## Nilalaman


**Editoryal:** Isulong ang pakikibaka para sa pambansang minimum na sahod 1

Papanagutin ang rehimen sa Kidapawan 1

Suporta sa mga magsasaka, bumaha 4

Protesta sa plantasyon ng saging 5

Protesta sa Cebu Maternity Hospital 5

Ika-47 anibersaryo ng BHB, ipinagdiwang 6

Pitong tsekpoynt, itinayo sa NCMR 7

31st IB, pinasabugan sa Sorsogon 8

Mga labi ni Ka Roger, inihatid sa ST 8

Balikatan 2016: Interbensyon 9

Protesta laban sa mga planta 10

Pambobomba sa Brussels 10



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ng pleksibilisasyon. Dapat nilang puspusang ipaglaban ang pagtataas ng sahod upang makaagapay ang mga manggagawa at mabuhay nang disente sa harap ng pagsirit ng presyo ng mga bilihin at serbisyo.

Sa harap ng napipintong pagsadsad ng Pilipinas sa mas malalim na krisis kasabay ng inaasahang pagsambulat ng pandaigdigang kapitalistang krisis sa huling bahagi ng taon, lalo pang nagiging kagyat ang pangangailangang magkaisa at makibaka para sa pagtakda at pagtaas ng pambansang minimum na sahod.

Kaya naman lubos na makabuluhan ang isinusulong na kampanya ng mga manggagawa para isakatuparan ang pambansang minimum na sahod at itakda ito sa P750 kada araw, o halos dagdag na P230 sa kasalukuyang sahod. Maituturing itong karugtong at lalo pang pagsusulong ng pakikibaka para sa P125 na arawang sahod na sigaw ng mga manggagawa sa nagdaang dalawang dekada. Karugtong nito ang sigaw na itaas ang minimum na buwanang sahod ng mga karaniwang kawani tungong P16,000 at ng mga pampublikong guro tungong P25,000.

Kung tutuusin, ang hinihinging minimum na sahod ng mga manggagawa at mga kawani ay kulang na kulang pa sa halaga ng kanilang lakas-paggawa o sa gastusin sa araw-araw. Bilang nagbebenta ng kanilang lakas-paggawa, dapat igiit ng mga manggagawa ang nararapat na halagang kapalit ng kanilang kalakal na sa kalakha'y katumbas ng kanilang araw-araw na gastusin at ng kanilang pamilya.

Isang malaking laban ang pakikibaka para ibalik ang pagtatakda at pagtataas ng pambansang minimum na sahod. Ang pagbabaklas nito at pagpako ng mababang sahod ay kabilang sa mga patakarang ipinagmamatigas ng reaksyunaryong estado sa katwirang ang mababang sahod ay isang "bentahe" ng ekonomya ng Pilipinas para akitin ang mga dayuhang mamumuhunan. Dapat ibasura ng mga manggagawa at sambayanang Pilipino ang baluktot na katwirang ito.

Lubos mang makatwiran ang ipinaglalaban ng mga manggagawa at bayan, tiyak na hindi ito makakamit na walang puspusang pakikibaka. Dapat mabuo ang malawak at matatag na pambansang alyansa ng mga manggagawa, kawani, mga manggagawa sa agrikultura, pati na ang mga walang hanapbuhay, mga estudyante at iba pang sektor. Dapat kunin ang malawak na suporta ng simbahan, mga personaheng demokratiko at progresibo, ang akademya, mga pulitiko at iba pa.

Ang pakikibaka sa lansangan ang pinakamapagpasyang salik sa paglaban para sa pagtatakda at pagtataas ng pambansang minimum na sahod. Kaya naman sa Mayo Uno, dapat ipakita ng uring manggagawa at sambayanang Pilipino ang kanilang malawak na pagkakaisa at lakas. Dapat itong magsilbing panimulang sikad sa lalong paglakas at pagbwelo ng mga paglaban sa mga darating pang buwan.

Ang kinakailangang malalaking demonstrasyon ng mga manggagawa ay mailuluwal lamang kung tuluy-tuloy ang mga paglaban sa mga pabrika at komunidad. Dapat ibayong patatagin ang determinasyon ng masang manggagawa na ipaglaban ang pambansang minimum na sahod at pagtataas sa sahod sa pamamagitan ng pagsusulong ng mga pakikibaka sa pinakamalawak na bilang ng pinakamalalaking empresa sa buong bansa.

Dapat iluwal ang malakas na kilusang protesta ng mga manggagawa. Dapat itong katampukan ng kaliwa't kanang mga welga at paglaban sa pabrika na sinusuportahan ng mga rali sa mga komunidad, demonstrasyon sa mga kampus, kilos-protesta sa mga tanggapan at ahensya hanggang sa pag-iipon ng lahat nito sa pangkalahatang mga protesta na yayanig sa buong Pilipinas.

---

*"Papanagutin...," mula sa pahina 1*

palay at mais, at sa daan-daang hayop. Puu-puong libong magsasaka ang hindi makapagtanim at nasa desperadong bingit ng kagutuman.

Dahil dito, hiningi rin ng mga magsasaka ang makatarungang pagtaas-presyo sa kanilang mga produkto, libreng binhi ng mga tanim na angkop sa tagtuyot, mga gamit pansaka dahil naubos na ang kanilang mga gamit, at ganap na pagtigil ng operasyong militar sa lalawigan. Noong Enero pa idineklarang erya ng kalamidad ang Cotabato ngunit hindi pa napakikinabangan ng mga magsasaka ang P238 milyong pondong pangkalamidad na itinakda ng gubyernong panlalawigan.




Lalong inilantad ng masaker ang kontra-magsasaka at kontra-mamamayang katangian ng uring malaking panginoong maylupa-burgesya-kumprador ng rehimeng Aquino. Sa buong panunungkulan nito'y walang makabuluhang programa ang rehimen para sa mga magsasaka at walang anumang hakbang upang tiyakin ang

seguridad sa pagkain ng buong bayan lalo na sa harap na papatinding pagbabago ng klima.

Mula 2010, sa ilalim ng rehimeng Aquino, ang masang magsasaka ay pinahirapan ng papalalang pagdarahop at pang-aapi mula sa pangangamkam ng lupa ng malalaking panginoong maylupa, minahan at malalaking plantasyon. Naging biktima sila ng kontra-mamamayang gera ng Oplan Bayanihan. Ipinailalim sila sa mga proyektong saywar tulad ng PAMANA at 4Ps na pinalabas na mga programang kontra-kahirapan.

Kapag tumatanggi silang magpalinlang, itinuturing silang kombatant at tinatarget para patayin o supilin. Sa iilang buwan na lamang na natitirang panunungkulan nito, minabuti pa ni Aquino na ipabaril sila sa mga armadong tauhan ng estado sa halip na tugunan ang napakabatayang hinaing para sa pagkain at kabuhayan.

Sa buong panahong nasa Malacañang, kasinungalingan at karahasan ang sagot ni Aquino sa makatarungang mga kahingian sa pagtaas ng sahod ng mga manggagawang bukid, pagpawi ng usura, libreng irigasyon, pagtaas ng presyo ng palay, kopra at iba pang produktong magsasaka, pagpapatigil sa resikada, pagbabalik ng pondong *coco levy* at iba pa. Pagkatapos ng masaker, ang pasistang rehimen pa ang nagpahayag na paiimbestigahan daw sa pulis mismo ang pangyayari dahil marami ring pulis ang nasaktan.

Dapat magprotesta at kundenahin ng masang magbubukid at ng sambayanang Pilipino ang masaker sa Kidapawan, igiit ang katarungan at ang tunay na reporma sa lupa. Papanagutin ang rehimeng US-Aquino sa masaker.

Huwag pahintulutang magtagumpay ang karahasan at pananakot ng militar upang supilin ang karapatan ng mamamayan. Mapangahas at militanteng ipadaluyong ang mas malalawak at mas maiigting na pakikibakang masa ng mga magsasaka at ng sambayanan. Gawing inspirasyon ang ipinakitang tapang at tatag ng mga magsasaka sa Kidapawan at pasiglahin ang kilusang magbubukid sa buong bansa.

Layunin ng masaker sa Kidapawan ang takutin ang mamamayan. Subalit lalo lamang nitong ginaganyak ang paparaming masang magsasaka na isulong ang kanilang mga demokratikong kahingian at sumapi sa mga rebolusyonaryong pwersa sa pagsusulong ng armadong pakikibaka.

Malawak ang kahilingan ng mamamayang Pilipino na gawaran ng Bagong Hukbong Bayan ng hustisya ang pamamaslang sa mga sibilyan sa pamamagitan ng mas malaganap na mga taktikal na opensiba. Papagbayarin ang tuwirang mga salarin sa masaker! AB

## Tugon sa Kidapawan masaker: Protesta, dumadaluyong

KALIWA'T kanang pagtuligsa ang tugon ng sambayanang Pilipino sa nangyaring masaker sa Kidapawan. Lalo pang nagngitngit ang kanilang galit nang ibunton ng rehimeng Aquino ang sisi sa mga raliyista at patawan sila ng dagdag pang mapanupil na hakbang. Ihinalintulad ito sa mga masaker sa Mendiola noong 1987 at sa Hacienda Luisita noong 2004.

Kinundena din nila ang animo'y batas militar na ipinataw ng lokal na gubyerno sa Cotabato at ang benggatibong *food blockade* na ipinatutupad nito at ng mga ahensya ng gubyerno sa mga bayan at munisipalidad na pinanggalingan ng mga nagbarikada.

Bilang suporta sa mga magsasaka, nagpadala ng daan-daang sakong bigas ang mga artista sa sine at telebisyon, sa pangunguna ni Robin Padilla, sa mga nagbarikadang magsasaka. Hinarang ng mga pulis ang ayuda.

Sa General Santos City, binarikadahan ng mga magsasaka ang haywey sa harap ng National Food Authority noong Abril 4 para kundenahin ang masaker at igiit sa ahensya na ilabas ang ayudang bigas nito.

Sa Maynila, araw-araw na nagdaraos ng mga rali at pagtitipon ng mga kabataan, manggagawa at iba pang sektor para iparating ang kanilang sukdulang galit sa rehimen mula pa Abril 2. Nagprotesta rin ang mga taong simbahan sa pagpilit ng mga pulis na pasukin ang Methodist Center kung saan kumubli ang mga raliyista matapos ang masaker.

Agad na nagsagawa ang mga pambansa-demokratikong organisasyon at mga progresibong partido ng National Fact-finding Mission para imbestigahan at isadokumento ang nangyaring karahasan. Binatikos nila ang ginagawang pagtakip sa responsibilidad ng pulis sa masaker sa pamamagitan ng pagbuldoser sa kalsada para pagtakpan ang mga ebidensya ng pamamaril. Sa araw ng masaker, agad na kinustodiya PNP ang mga bangkay ng napaslang na magsasaka at tinaniman ng ebidensya ang mga bangkay. Kabilang dito ang diumano'y nakuhang .45 kalibreng pistola at bakas ng pulbura sa kamay ng isa sa mga napatay.

Nagpaabot din ng kanilang pagkundena ang ilang mga kandidato sa pagkapresidente, mga senador, ang Simbahang Katoliko, ibang biktima ng mga sakuna at maging ang mga maka-kalikasang grupo. Nagsasagawa na ng sariling imbestigasyon ang senado.

Samantala, nagpahayag ng lubos na pagsuporta ang Bangsamoro Islamic Freedom Fighters sa nakikibakang mga magsasaka.

Sa ibayong dagat, nagrali sa harap ng mga konsulada at embahada ng Pilipinas ang mga migranteng Pilipino sa Hongkong, Canada, New Zealand at California

sa US.

Noong Abril 2, umabot sa 63.4 milyong beses na lumitaw sa Twitter ang panawagang #BigasHindiBala, kung saan bumaha ang simpatya at suporta sa mga magsasaka habang todo-todo ang pang-aalipusta sa kinamumuhiang rehimen ni Aquino.

Habang inuulan ito ng pagkundena at pagkamuhi, pinaggigiitan ng mga utak-uod na mga tagasuporta ni Aquino ang hindi mapaniwalang mga kadahilanan ng masaker. Sukdulang insulto sa mamamayan ang pahayag ni Edwin Lacierda, tagapagsalita ng pangulo, na hindi mga taga-North Cotabato ang mga demonstrador at hinakot lamang diumano sila ng "Kaliwa" upang gamitin sa propaganda.

Sinuportahan ng asenderong kandidato sa pagkapangulo na si Mar Roxas ang ganitong tindig sa pagsabing ang pangyayari ay isang usapin ng "kaayusan" sa lugar at kailangang parusahan ang mga maysala, na tila bang ang nangyari ay hindi masaker na ang estado ang nagpatupad. Agad na sinabitan ng medalya ang mga pulis na nasugatan ng bato, habang tahimik sila hinggil sa mga magsasakang namatay mula sa bala. AB

## Protesta sa plantasyon ng saging, nagpapatuloy

NOONG HATINGGABI ng Abril 2, pinaputukan ng dalawang nakamotorsiklong lalaki ang itinayong kampuhan ng mga nagwewelgang manggagawa ng Musahamat Farm 2 sa Pantukan, Compostela Valley. Tatlong myembro ng Musahamat Workers Labor Union (MWLU-II) ang muntik nang tamaan.

Kinundena ng KMU-Southern Mindanao ang pamunuan ng Musahamat Farms at ang 46th IB bilang mga utak sa tangkang pagpatay sa mga unyonista. Tuluy-tuloy na pandarahas ang inihahasik ng mga ito laban sa mga manggagawa. Bago ang pamamaril, tinangka ring sunugin ang kampuhan ng MWLU-II noong Marso 15 ngunit naapula ng mga residente.

Kasunod na kasunod ang bigong pamamaslang na ito sa masaker ng mga magsasaka sa Kidapawan. Pinatatampok nito ang umiigting na pang-aatake ng rehimeng US-Aquino sa mga manggagawa't mamamayan.

Ang kampuhan ay matatag na pagpapatuloy ng MWLU-II ng kanilang mga aksyong protesta na nagsimula noon pang huling linggo ng Pebrero. Nilalabanan ng mga manggagawa ang pagbuwag ng kumpanya sa kanilang unyon at ang sunud-sunod na iligal na pagtatanggal sa mga manggagawa na nagsimula noon pang Pebrero 26.

Ayon sa MWLU-II, kasaping unyon ng National Federation of Labor Unions-Kilusang Mayo Uno (NAFLU-KMU), 59 na manggagawa na ang tinanggal at 19 ang isinuspinde nang 30 araw. Nakatakda ring sisantehin ang 19 na manggagawa kabilang ang siyam na lider ng unyon.

Nagsimula ang mga tanggalan ilang araw matapos manalo ang MWLU-II sa Certification Election ng mga manggagawa upang katawanin ang kanilang mga interes. Mayroong kabuuang 321 kasapi ang MWLU-II. Noong Marso 28, naghapag ng *notice of strike* ang unyon na sinuportahan ng mayorya ng mga myembro nito.

Bago pa man ang mga tanggalan, nagsabwatan na ang pamunuan ng Musahamat Farms, 46th IB, at Associated Labor Unions-Trade Union Congress of the Philippines para siraan at malisyosong iugnay sa Bagong Hukbong Bayan ang MWLU-II. Nagpakalat ang mga ito ng pananakot at intriga upang ilayo ang mga manggagawa sa MWLU-II at gawing target ng ekstrahudisyal na atake ang mga unyonista. AB

## Mga empleyado ng Cebu Maternity Hospital, nagprotesta

NAGSAGAWA ng *hunger strike* noong Marso 21 ang mga empleyado ng Cebu Maternity Hospital upang iprotesta ang iligal na pagsasara ng ospital at igiit ang dagdag-sahod na P15 kada araw.

Kinundena ng Cebu Maternity Hospital Employees Independent Union ang pamunuan ng ospital sa ginawang *lock-out* bilang paraan para buwagin ang unyon ng mga empleyado at ipagkait ang dagdag-sahod.

Dati nang nakipagnegosasyon ang unyon para sa P30 umento noong 2015 at P25 naman para sa 2016. Ibinaba nila ang kahingian tungong P10 at P15 para sa kasalukuyang taon, ngunit kakarampot na P4 ang ibinigay ng pamunuan ng ospital. Malala pa, walang dagdag-sahod ang nakalaan para sa mga manggagawa para sa 2016. Ito'y sa kabila ng nalikom na tubo ng ospital na P207 milyon noong 2014.

Bilang pakikiisa, nagpiket sa punong tanggapan ng Department of Labor and Employment sa Intramuros, Manila ang mga manggagawang pinamumunuan ng Kilusang Mayo Uno (KMU) noon ding Marso 21. Nagpahayag din ng suporta ang KMU para sa 12 duktor at 130 karaniwang empleyado ng CMHEIU, na kasaping unyon sa ilalim ng Association of Democratic Labor Organizations-KMU.

Ayon kay Nenita Gonzaga, pangalawang tagapangulo ng KMU Women's Affairs, sobra-sobra ang pambabarat ng pamunuan ng ospital sa mga empleyado nito. Sumasahod lamang ng regional minimum wage na P353 ang mga baguhang empleyado; mataas din lamang ng bahagya sa minimum ang tinatanggap ng mga regular; at buwanang P10,000 lamang ang tinatanggap ng pinakamatagal nang naninilbihan sa ospital. Ito'y sa kabila ng umaabot sa 30 pasyente ang inaasikaso ng mga manggagawang pangkalusugan kada araw na malayung-malayo sa istandard na apat na pasyente sa bawat manggagawang pangkalusugan. AB

# Ika-47 anibersaryo ng BHB, ipinagdiwang

Noong Marso 29, samutsaring pagtitipon ang idinaos sa buong bansa upang ipagdiwang ang ika-47 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Pansamantalang nagpahinga ang mga Pulang mandirigma upang tanggapin ang mga bisita mula sa mga baryo at kalunsuran na nais makiisa sa pagdiriwang ng mga tagumpay sa pagsusulong ng digmang bayan.

Tampok sa mga pahayag ng National Democratic Front-Mindanao, ng mga komiteng rehiyon ng Partido sa North Central Mindanao (NCMR), Southern Mindanao (SMR), North Eastern Mindanao (NEMR), Panay at Southern Tagalog (ST), ang pagbigo ng Oplan Bayanihan at pag-ani ng mga tagumpay ng mga Pulang mandirigma.

Inihayag ni Ka Oris, tagapagsalita ng National Democratic Front-Mindanao, na tuluy-tuloy ang paglakas ng BHB sa isla. Muli niyang inilahad ang mga nakamit na tagumpay ng BHB sa nagdaang ilang taon.

Samantala, bigo ang kontra-rebolusyonaryong mga kampanya na durugin ang North Central Mindanao Region (NCMR), ayon kay Norsen Manggubat, tagapagsalita ng Partido sa rehiyon. Sa loob ng nakaraang taon lamang, 8.5% ang itinaas ng bilang ng organisadong masa, at nailunsad ang 56 na pakikibakang masa. Nagbenepisyo ang 150,000 magsasaka at kanilang mga pamilya sa pagtaas ng sahod ng mga manggagawang bukid, pagbaba ng singil sa gilingan ng mais at palay, pagtaas ng presyo ng kanilang produkto, pagtamasa ng malinis na tubig-inumin at iba pang kahingian.

Nailunsad ang 132 iba't ibang tipo ng mga aksyong militar kung saan nasamsam ang iba't ibang tipo ng armas kabilang ang dalawang K3 na masinggan. Nabigwasan ang pitong batalyon at nabihag ang dalawang sundalo. Umabot sa 201 ang kaswalti ng armadong reaksyunaryong pwersa at mga kontrarebolusyonaryong bandido kung saan 124 ang patay, kabilang ang isang tenyente. Sa mga aksyong militar na ito, 20% ang ambag ng milisyang bayan.

Ikinalugod ng mamamayan sa rehiyon ang 12 aksyong pamamarusa ng BHB laban sa mga multinasyunal na plantasyon ng Del Monte, Dole-Itucho, Lapanday at Sumifru laban sa pangangamkam ng lupa, pagkasira sa kapaligiran at pagsasamantala sa kanilang mga manggagawa. Nakamit din ang 19% dagdag sa kabuuang bilang ng pultaym na gerilya, 29% na dagdag na platun at 23% dagdag ng matataas na kalibreng armas.



Sa South Mindanao Region, umabot sa halos 300 ang mga aksyong militar na inilunsad sa rehiyon mula noong nakaraang taon. Mahigit 100 matataas na kalibreng armas ang naagaw sa mga matagumpay na opensiba at naidagdag sa arsenal ng BHB, ayon kay Rigoberto F. Sanchez, tagapagsalita ng BHB sa rehiyon. Nalipol ang 400 sa kaaway at 300 ang nasugatan. Pinakamarami ang nakuha mula sa armori ng alkalde ng Monkayo na si Mayor Jose Brilliantes. Umaabot sa 74 armas ang nasamsam dito at sa sabayang atake sa mga detatsment ng 25th IB noong Abril 14, 2015.

Desperado ang talunang AFP sa pagkabigo nito kung kaya't 57 ang pinaslang na mga Lumad, aktibista, maralitang lunsod at rebolusyonaryo, samantalang 4,000 Lumad ang sapilitang pinalikas sa kanilang mga tahanan at hanapbuhay.

Sa Southern Tagalog, 44 na taktikal na opensiba ang inilunsad noong nakaraang taon. Sa pahayag ng Komiteng Rehiyon ng Partido ng ST, nakalatag ngayon ang mga larangang gerilya sa mayor na mga prubinsya ng Calabarzon at mayor na mga isla ng Mimaropa (Mindoro, Marinduque, Romblon at Palawan) na sumasaklaw sa tatlong-kapat ng kabuuang bayan at lunsod at 40% ng baryong saklaw.


Pinakamasinsin sa mga aksyong militar ay ang 13 sabayang taktikal na opensiba sa mga prubinsya ng Batangas, Cavite, Rizal at isla ng Mindoro noong idinaos ang pagpupulong ng mga lider ng Asia Pacific Economic Cooperation noong Nobyembre 18-19, 2015.

Sa Panay, binigwasan ng 30 matatagumpay na taktikal na opensiba ng BHB sa isla (Coronacion "Waling-waling" Chiva Command) ang mga reaksyunaryong armadong pwersa sa buong taong 2015. Umabot sa 20 patay at 26 sugatan ang tinamong pinsala ng kaaway sa mga aksyon ng BHB. AB

# 7 tsekpoynt pang-eleksyon, itinayo sa NCMR

Pitong tsekpoynt ang sabay-sabay na itinayo ng Bagong Hukbong Bayan-North Central Mindanao Region (BHB-NCMR) noong Abril 3 ng umaga. Walong pistola ang nakumpiska mula sa mga tsekpoynt na inilatag sa tatlong prubinsya ng rehiyon. Kabilang dito ang tsekpoynt sa kahabaan ng mga pambansang haywey sa rutang Cagayan-Davao sa daang BUDA, Cagayan-Davao na dadaan sa Butuan at sa iba pang haywey sa Agusan del Norte at Bukidnon.

Itinayo ng BHB-NCMR ang mga tsekpoynt sa mga lugar na ito bilang pagpapatupad sa rebolusyonaryong patakaran kaugnay ng eleksyon, ayon kay Ka Allan Juanito, tagapagsalita ng BHB-NCMR. Aniya, kailangang mahigpit na makipagkoordina sa mga kumand sa teritoryo ang mga kandidato at kanilang mga tauhan para maging maayos ang pangangampanya sa loob ng mga larangang gerilya.



Kabilang sa mga rebolusyonaryong patakarang dapat sundin ng mga pulitiko at partido ay ang pagtigil sa pagbili ng mga boto, paghahasik ng terorismo at paninira sa rebolusyonaryong kilusan. Gayundin, ipinagbabawal ang pagdadala ng armas ng kanilang mga tauhan, ang paniniktik sa BHB, sa mga rebolusyonaryo at kanilang mga organisasyon sa tabing ng pangangampanya.

Sa pagtatayo ng naturang mga tsekpoynt, tinitiyak ng BHB na hindi makakapangampanya sa loob ng mga sonang gerilya ang mababangis, anti-mamamayan, at kontra-rebolusyonaryong mga kandidato at partido sa sistemang *partylist.* Kabilang dito ang mga pabor sa EDCA at sa pagtatayo ng baseng militar ng US sa Lumbia, Cagayan de Oro at iba pang lugar sa Pilipinas, ang nagsisilbing mga ahente ng plantasyon at nangunguna sa pagpapapasok ng malalaking operasyon sa pagmimina. Kasama din ang mga kandidatong protektor ng mga grupong paramilitar, mga pinakapusakal na tagapagtupad ng Oplan Bayanihan at mga sangkot sa kriminal na sindikato.

Para maiwasan ang di-kanais-nais na pangyayari, muling pinaalalahanan ng BHB-NCMR ang mga pulitiko na iwasang makisakay, makisabay o mag-*convoy* sa mga armadong pwersa ng AFP tuwing nangangampanya.

Inaresto ng BHB sa mga tsekpoynt ang tatlong aktibong elemento ng Philippine National Police na sina SPO4 Rene Rombo, SPO1 Warren Hansol Coñales at PO3 Edwin Panis Castor at dalawang aktibong sundalo na sina PFC Glenn Austria at PFC Diven Abion Tawide, na parehong mga elemento ng 23rd IB. Ang lima ay idineklarang mga bihag ng digma at tinatrato batay sa mga alituntunin ng BHB at sa CARHRIHL. Isa pang pulis at isang retiradong sundalo ang kasama sa mga naaresto subalit agad na pinalaya ng BHB dahil sa makataong kunsiderasyon. Si SPO1 Gilbert Aguiman ay hinayaang ihatid nang maayos ang kanyang maysakit na anak sa Cagayan de Oro. Samantala, si Orlando Magamay, na isang retiradong sundalo, ay pinalaya rin sa makataong mga dahilan.

Sa ginawang operasyong pagtugis ng militar at pulisya sa mga Pulang mandirigma matapos ang pagtsekpoynt, muli pang nabigwasan ng BHB ang kaaway. Dalawang sundalo ng 8th IB ang sugatan matapos pasabugan ng *command-detonated explosive* ng BHB ang tumutugis na kaaway noong Abril 5 sa Malaybalay City, Bukidnon. Hinaras din ng mga Pulang mandirigma ang kampo ng 23rd IB sa Barangay Tama, Magsaysay sa Misamis Oriental.

Nakumpiska naman ng BHB ang tatlong *shotgun* at isang .38 kalibreng pistola mula sa mga sundalo at isang negosyanteng abusado sa kanyang mga manggagawa. Liban pa, hinaras din ang isa pang yunit ng kaaway na kasabay ng isang grupo ng mga pulitikong

### 31st IB, pinasabugan sa Sorsogon

DALAWANG elemento ng 31st IB ang patay habang dalawang iba pa ang sugatan nang pasabugan ng BHB-Sorsogon ang nag-ooperasyong kolum ng kaaway sa Barangay Calmayon, Juban alas-4 ng madaling araw noong Marso 28.

Samantala, isang sundalo ng 61st IB ang napatay sa dalawang magkasunod na taktikal na opensiba ng BHB-Central Panay (Jose Percival Estocada, Jr. Command o JPEC) sa loob lamang ng 12 oras.

Unang hinaras ng BHB ang isang yunit ng kaaway na nagsasagawa ng operasyong saywar sa Barangay Katipunan, Tapaz, Capiz noong Pebrero 20, bandang alas-8 ng gabi. Kinabukasan nang alas-10:15 ng umaga, ang nagreimpors na mga sundalo mula karatig barangay na Aglinab ay hinaras ng isa pang yunit ng JPEC. Isang elemento ng 61st IB ang napatay sa operasyong ito. AB

nangangampanya sa Sityo Lantad, Kibanban, Misamis Oriental. Labag ito sa mga patakaran ng BHB kaugnay ng eleksyon.

**15 opensiba sa Marso**

Samantala, 15 taktikal na opensiba ang ibinigwas ng BHB-NCMR sa mga pwersa ng AFP at mga ahente nito sa loob ng buwan ng Marso. Kinatampukan ito ng mga operasyong haras at demolisyon laban sa mga reaksyunaryong tropa. Ayon sa isa pang pahayag ni Ka Allan, 36 ang kaswalti mula sa mga tropa ng kaaway, at walong armas ang nasamsam ng hukbong bayan.

Kabilang sa mga taktikal na opensiba ng NCMR noong Marso ang magkasunod na operasyong haras ng Mt. Kitanglad Subregional Command laban sa 1st Special Forces Battalion (SFB) noong Marso 29 at 30. Unang hinaras ng mga Pulang mandirigma ang isang iskwad ng 1st SFB na nagsisilbing gwardya sa plantasyon ng Dole-Itochu sa Barangay Casisang, Malaybalay City noong Marso 29. Isinagawa ang operasyon bandang alas-5 ng hapon na nagresulta sa pagkamatay ng dalawang sundalo at pagkasugat ng isa pa. Sinundan ito ng isa pang operasyong haras laban sa parehong yunit na nagkakampo sa Barangay Lourdes, Valencia City sa Bukidnon. Anim ang patay habang dalawa ang sugatan sa panig ng 1st SFB.

Pininsalaan din ng South Central Bukidnon (SCB) Subregional Command ang mga tropa ng 68th IB sa magkakasunod na operasyong haras at demolisyon noong Marso 21-25. Kontra-atake ito ng mga Pulang mandirigma sa nag-ooperasyong yunit ng kaaway. Walo ang kaswalti sa panig ng 68th IB sa mga labanang naganap sa Barangay Magkalungay, San Fernando, Bukidnon. Tatlong ulit ding hinaras ng SCB ang mga tropa ng 8th IB noong Marso 9, 11 at 17. Nagresulta ang mga ito sa walong patay at dalawang sugatan sa kaaway.

# Mga labi ni Ka Roger, iniuwi sa Batangas

NOONG Marso 31, sabay sa okasyon ng pagdiriwang sa anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan, iniuwi ang mga labi ni Gregorio "Ka Roger" Rosal, dating tagapagsalita ng Partido Komunista ng Pilipinas, sa kanyang bayang tinubuan sa Ibaan, Batangas. Bago nito, nag-alay ng apat na araw na parangal ang libu-libong kasapi ng mga organisasyong masa sa yumaong tagapagsalita.




Aabot sa 5,000 ang nagmartsa mula sa Cubao patungong University of the Philippines sa Diliman, pareho sa Quezon City, kung saan nagdaos ng programa noong Marso 29. Taimtim na sinaksihan ng mga byahero at mga nagmamasid sa paligid ang dumaraang martsang nagpupugay kay Ka Roger sa gitna ng EDSA.

Ipinaabot ng PKP at mga rebolusyonaryong organisasyon ang kanilang pagkalugod na maihahatid na ang mga labi ni Ka Roger sa Ibaan. Katuparan ito sa kahilingan ng kanyang mga anak na mailibing ang mga labi ng kanilang ama sa tabi ng puntod ng kanyang apo na si Diona Andrea. Makalipas ang limang taon, angkop lamang na ilipat at ilibing si Ka Roger sa may pangalang puntod at ipaskil ang lapida na kumikilala sa kanya bilang "Tinig ng Rebolusyon."

Hinimok ng PKP ang mga aktibistang dumalo sa muling pagpaparangal na balikan ang kanyang talambuhay sa mga pagpupugay na inilathala ng Partido at laksa pang samahan, mga personahe, mga taong-midya, kaibigan at iba pa. Hinding-hindi malilimutan ng bayan ang pangalan ni Ka Roger dahil ang pang-aapi at pagpapahirap sa sambayanan na nagtulak sa kanya noon na lumahok sa digmang bayan ay patuloy na nagtutulak sa masang anakpawis na tanganan ang mga sandata ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka.

Nang tagapagsalita pa ng Partido, si Ka Roger ay laging sakit sa ulo ng mga pasistang upisyal ng militar at mga burukrata-kapitalista dahil sa mabilis niyang paglalantad at pagkontra sa mga kasinungalingan at panlilinlang ng AFP at naghaharing papet na estado. Mahusay na propagandista, walang pagod si Ka Roger sa pagtatanggol sa interes ng masang manggagawa at magsasaka.

Siya'y simbolo ng rebolusyonaryong pakikibaka at hangarin ng sambayanan para sa pambansa at panlipunang paglaya.

Sa darating na anibersaryo ng kamatayan niya sa Hunyo 22, ituring nating hamon para sa rebolusyonaryong kilusan na makapagpalitaw ng laksang bagong mga Ka Roger. Bigyan ng tinig ang iba't ibang larangan, entablado ng digma, mga aping sektor at uri, mga rebolusyonaryong organisasyong masa at organo ng kapangyarihang pampulitika at paalingawngawin ang sigaw para sa demokratikong rebolusyong bayan. Tularan natin ang sigasig at kapangahasan ni Ka Roger na ilantad ang kalagayan ng bayan at punitin ang mga kasinungalingan ng mga upisyal ng militar at papet na estado.

# Balikatan 2016: Interbensyon at pagbabase

Idinaraos ngayong Abril 4-15 ang ika-32 pagsasanay na Balikatan sa iba't ibang lokasyon sa Pilipinas. Kalahok dito ang 5,000 tropang Amerikano at 4,000 tropang Pilipino. Dumadalo naman bilang tagamasid ang mga tropa ng 11 iba pang hukbong tau-tauhan ng US sa Asia, kabilang ang Japan.

Ang Balikatan 2016 ang unang malakihang pagsasanay na inilunsad matapos pormal na pagtibayin ng Korte Suprema ang Enhanced Defense Cooperation Agreement na nagpapahintulot sa pagtatayo ng mga base militar ng US sa bansa. Sa pahayag ng Partido Komunista ng Pilipinas sa okasyon ng anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan, tinukoy nito ang naturang mga base militar at iba pang *forward location* bilang lehitimong mga target ng mga atake ng hukbong bayan.

Bago dumating ang mga tropang US na sangkot sa pagsasanay, nauna nang dumating ang malaking bilang ng mga sasakyan at gamit militar nito sa Subic Bay Freeport noong Marso 28. Kabilang dito ang ilandaang sasakyang Humvee, trak, dyip, *backhoe* at buldoser. Sa kauna-unahan ding pagkakataon, nagdala ang US sa bansa ng mga abanteng *rocket launcher* nito, ang M142 High Mobility Artillery Rocket System o HIMARS, para gamitin sa *live-fire exercises* nito sa Crow Valley, Tarlac. Dadalhin ang mga ito sa bagong baseng militar ng US sa Palawan pagkatapos ng pagsasanay. Ang iba pang sasakyan at gamit militar ay dadalhin sa iba pang mga base nito.

Isinasagawa ang Balikatan matapos ang suson-suson na pagpasok ng mga barkong pandigma ng US sa teritoryong pandagat ng Pilipinas sa South China Sea noong Pebrero-Marso. Mayorya sa mga barkong ito, kabilang ang *carrier strike group* na binubuo ng apat na barkong pandigma, ay pumasok nang walang pahintulot mula sa papet na estadong Aquino. Isinagawa ang mga iligal na paglalayag para magpakitang gilas matapos palabasin ng US na nagbabase ng mga misayl at iba pang kagamitang militar ang China sa pinag-tutunggaliang mga isla at bahura sa naturang karagatan. Itinaon ang pagpatrulya sa mga pagdinig ng senado ng US kaugnay sa hinihiling ng Pentagon na dagdag na badyet para sa taon.

Kasabay ng Balikatan, balak ng US na magsagawa ng pagpapatrulya sa South China Sea malapit sa mga isla at instalasyong itinayo ng China. Pangatlo na ito sa mga pagpapatrulyang nang-uupat ng palabang reaksyon mula sa China. Isasagawa ng US ang paglalayag matapos bigong makuha ng presidente nitong si Barrack Obama ang kooperasyon ng China kaugnay sa mga isla sa katatapos lamang na International Nuclear Summit.


**Militarisadong makataong ayuda**

Ayon sa pahayag ng US at papet na rehimeng Aquino, ang kasalukuyang Balikatan ay gagamitin para itaas ang kakayahang HADR (*humanitarian assistance and disaster relief* o makataong pagtulong at ayuda sa panahon ng sakuna) ng mga tropang Pilipino at US. Sa ngalan nito, inilunsad ng US ang mga sibiko-militar na operasyon sa Jamindan at Tapaz sa bayan ng Capiz at sa Dingle, Iloilo sa isla ng Panay mula pa Marso 15. Pampalambot ng lupa ang mga aktibidad na ito sa idaraos na "landing exercises" ng mga tropang Amerikano sa San Jose, Antique sa Abril. Isasagawa ang naturang pagsasanay sa senaryong sinakop ng isang "dayuhang armadong pwersa" ang isla.

Gayundin, idaraos ang mga "command-post exercise" sa pagitan ng matataas na upisyal ng Armed Forces of the Philppines sa Metro Manila at ng kanilang mga among militar sa US Pacific Command sa Hawaii, gamit ang senaryo ng malakas na lindol sa pambansang kabisera.

Hindi bago ang pagsangkalan ng US ng mga pagsasanay at operasyong HADR para bigyan-katwiran ang presensya at panghihimasok nito sa bansa. Noong 2013, inilunsad nito ang Operation Damayan matapos sinalanta ng bagyong Yolanda ang Eastern Visayas at Panay para ipusisyon ang isa sa pinakamalaking barkong pandigma nito, ang USS Ronald Reagan, sa gulpo ng Leyte at muling gamitin ang paliparan sa Guiuan, Eastern Samar. Hanggang ngayon, hawak pa rin ng US ang naturang paliparan.

Ginagamit ng US ang mga sakuna at kalamidad para bigyang-matwid ang pagpapadala ng armadong pwersa bilang una at pangunahing pwersa, sa halip na mga sibilyang ahensya at tagapagsagip. Isinasagawa ito ng US para palambutin ang imahe ng armadong pwersa nito at sunggaban ang mga oportunidad para sa



pagpapalawak ng impluwensya at interbensyon. Ginagamit din ito ng militar ng US para palawakin ang papel ng mga armadong pwersa sa harap ng mga kaltas sa badyet ng mga ahensya at sangay nito.

Upang iwasang ituring na mapanghimasok at mapanlusob, ginagamit ng US ang makataong operasyon para ipasok ang mga tropang militar at mga kagamitang pandigma nito sa iba't ibang bansa. Ginagamit nito ang napakalaking badyet para gumawa ng mga pakitang-taong pagsagip, pamamahagi ng tubig o pagkain at iba pa. Sa pagpwesto ng militar ng US, nahahadlangan ng US ang makataong tulong mula sa ibang bansang itinuturing nitong kaaway.

Ayon mismo sa Department of Defense nito, hindi lamang ayuda sa mga bansang dumanas ng sakuna ang ihinahapag sa ilalim ng HADR. Nagbibigay din ito ng iba't ibang klase ng "payo at tulong, pagsasanay, impormasyong paniktik gamit ang mga satelayt, mga ulat ng surbeylans at reconaysans." Habang mas marami itong naipapasok na tropa sa isang lugar gamit ang mga "makataong dahilan", mas malaki ang oportunidad nito para mangalap ng datos-paniktik. Lagi't lagi, kalakip ng mga "makataong pagsisikap" ng US ang mga layuning militar.

Noong 2011, halimbawa, inilunsad ng US ang Operation Tomodachi sa Japan matapos ang malakas na lindol doon para ipamalas ang pagiging "mapagkaibigan" nito. Gumastos ang US ng kabuuang $80 milyon para rito. Tatlong linggo pagkatapos nito, inobliga ng US ang Japan na patuloy na kanlungin at pondohan ang mga base militar nito sa isla ng Okinawa. Ito'y sa kabila ng matinding protesta ng mamamayang Japanese sa presensya ng mga tropang US sa lugar.

Noong Abril 4, nagprotesta ang mga pambansa-demokratikong organisasyon sa harap ng embahada ng US sa Maynila para ipatigil ang pagsasanay, ibasura ang mga tratadong nagpapahintulot dito at kundenahin ang pagpapakapapet ng rehimeng Aquino sa US. AB

# Protesta laban sa polusyon ng mga planta, inilunsad

DINAGSA ng daan-daang maralitang magsasaka, maliliit na mangingisda at mga aktibistang pangkalikasan mula sa Batangas ang punong upisina ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) sa Quezon City noong Marso 17 upang iprotesta ang kontra-mamamayan at kontra-kalikasang programa ng rehimeng Aquino.

Ipinasasara ng mga nagprotesta ang Calaca Coal-Fired Power Plant at ang iba pang planta tulad ng Batangas City Coal Power Project at Southern Luzon Thermal Energy Corporation. Tinuligsa rin nila ang pagpahintulot ni Aquino na paramihin ang mga *coal-fired power plant* (mga planta ng kuryente na pinatatakbo ng karbon) sa darating na tatlong taon dahil mapanganib ito sa kalikasan at kalusugan ng mamamayan.

Ayon kay Petti Enriquez, pangkalahatang kalihim ng Bukluran para sa Inang Kalikasan sa Batangas (BUKAL-Batangas), sa 31-taong operasyon ng Calaca Coal-Fired Power Plant ay naging sakitin ang mga naninirahan sa paligid nito. Tinukoy ni Enriquez ang mga kumalat na karamdaman tulad ng mga impeksyon sa baga at lalamunan, *pneumonia,* altapresyon at pagdudumi. Nagdala rin ang mga mangingisda ng sampol ng tubig-dagat ng Calaca upang ipakita sa DENR kung paano pinaitim ng planta ang dagat mula sa mga latak ng karbon.

Samantala, nagprotesta ang mamamayan mula sa Batangas, Zambales, at Metro Manila sa upisina ng DM Consunji (DMCI) sa Makati City noong Marso 3. Pinanawagan nila ang pagtigil ng DMCI sa mapaminsalang pagmimina at mga planta ng kuryente na nagkakalat ng polusyon. Ang DMCI, na pagmamay-ari ng malaking burgesya-kumprador na pamilyang Consunji, ang nagpapatakbo ng Calaca Coal-Fired Power Plant, ng Zambales Diversified Mining Corporation na nang-agaw ng lupa ng mga magsasaka, at maraming iba pang mapaminsalang kumpanya sa mina, kuryente, at pagtotroso. AB

## Pambobomba sa Brussels, kinundena

NOONG Marso 22, binomba ng mga tauhan ng Daesh (kilala rin bilang ISIS o IS) ang pangunahing paliparan at isang istasyon ng tren sa Brussels, Belgium. Mahigit 30 ang napatay at 250 ang nasaktan. Naganap ito matapos lamang ang ilang buwan ng karumal-dumal na pagpapasabog ng mga myembro ng Daesh sa France noong Nobyembre 2015.

Ang Daesh din ang utak sa serye ng pambobomba sa Nigeria, Tunisia, California, Turkey, Indonesia, Burkina Faso, Somalia at Ivory Coast na puminsala ng daan-daang sibilyan.

Mariing kinundena ng International League of People's Struggle ang pambobomba ng Daesh. Anito, ang pambobombang nakatuon sa mga inosenteng sibilyan ay hindi kailanman magiging katanggap-tanggap at hindi matutumbasan ng anumang layuning pampulitika o estratehiyang militar.

Gayunpaman, ayon sa ILPS, ang pinsalang idinudulot ng mga teroristang grupong likha ng US tulad ng Al Qaeda at Daesh ay maliit lamang kumpara sa mega-terorismong inilulunsad ng US at mga pwersa nito sa NATO (North Atlantic Treaty Organization) laban sa mamamayan sa buong daigdig. Nagdulot ang mga digmang agresyon at interbensyong militar nito ng pagkawasak ng mga imprastrukturang sibilyan, eryang industriyal at mga syudad. Milyong mamamayan ang namatay at mas marami pa ang nasugatan, napilitang lumikas sa kanilang mga komunidad at maging kaawa-awang mga *refugee* dulot ng mga gera at pambobomba ng mga ito. AB